Kaingat kayo sa pagpasok sa kinaroroonan ng mga babae." Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa Anṣār: "O Sugo ni Allāh, kaya nagsaalang-alang ka po ba sa lalaking kapatid ng asawa?" Nagsabi siya: "Ang lalaking kapatid ng asawa ay ang kamatayan."}

Ayon kay `Uqbah bin `Àmir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kaingat kayo sa pagpasok sa kinaroroonan ng mga babae." Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa Anṣār: "O Sugo ni Allāh, kaya nagsaalang-alang ka po ba sa lalaking kapatid ng asawa?" Nagsabi siya: "Ang lalaking kapatid ng asawa ay ang kamatayan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pakikipaghalubilo sa mga babaing estranghera. Nagsabi siya: "Mangilag kayo sa mga sarili ninyo na pumasok kayo sa kinaroroonan ng mga babae at ang mga babae na pumasok sila sa kinaroroonan ninyo." Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa Anṣār: "Kaya nagsaalang-alang ka po ba sa mga lalaking kamag-anak ng asawa gaya ng lalaking kapatid ng asawa, lalaking anak ng lalaking kapatid niya, tiyuhin niya, lalaking anak ng tiyuhin niya, lalaking anak ng babaing kapatid niya, at tulad nila kabilang sa mga pinapayagan para sa babae na mapangasawa kung sakaling siya ay hindi nakapag-asawa?" Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Mag-ingat kayo sa kanya kung paanong nag-iingat kayo sa kamatayan dahil ang pakikipagsarilihan sa mga lalaking kapatid ng asawa ay nagpapahantong sa tukso at kapahamakan sa buhay panrelihiyon. Ang mga lalaking kamag-anak ng asawa na iba pa sa ama at lolo niya at mga lalaking anak niya ay higit na marapat sa pagbabawal kaysa sa estranghero dahil ang pakikipagsarilihan sa lalaking kamag-anak ng asawa ay higit sa panganib kaysa sa pakikipagsarilihan sa iba pa sa kanya. Ang kasamaan ay inaasahan mula sa kanya higit sa iba pa sa kanya. Ang tukso sa kanya ay higit na posible dahil sa pagkabigay-kakayahan sa kanya sa pagkaugnay sa babae at pakikipagsarilihan dito nang walang isang nagmamasama sa kanya at dahil siya ay hindi naiiwasan at hindi naisasaposible ang pagharang sa kanya palayo sa babae yayamang umiral ang kaugalian ng pagwawalang-bahala sa kanya kaya nakapagsasarilihan siya sa maybahay ng kapatid niya. Kaya naman siya ay nakawawangis ng kamatayan sa pagsasapangit at katiwalian, na kasalungatan ng lalaking estranghero sapagkat ito ay napag-iingatan.